Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BAHAY NA TISA, SAN GABRIEL, LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG SETYEMBRE, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 159-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA KUMIKILALA O' NAGBIBIGAY AKREDITASYON SA FEDERATION OF TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION OF MALOLOS CITY BULACAN, INC. (FETODAMBI), NA MAPABILANG SA ACCREDITED NON-GOVERNMENT ORGANIZATION (NGO) NG LUNGSOD NG MALOLOS.

PANGUNAHING MAY AKDA: IGG. FRANCISCO J. CASTRO,
KAMAY-AKDA: KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KGG. ENRICO C. CAPULE,
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. MICHAEL M. AQUINO

SAPAGKAT, ang Federation of Tricycle Operators and Drivers Association of Malolos City Bulacan, Inc. (FETODAMBI), ay naghain ng aplikasyon para sa kaukulang pagkilala at akreditasyon ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, ang mga samahang tulad ng Non-Government Organization (NGO) ay binibigyan ng kahalagahan ng ating Saligang Batas, gayundin ay binibigyan ng pagkakataong makilahok sa pagbubuo ng isang matatag na bansa (nation building);

SAPAGKAT, ayon sa *Section 34 ng Republic Act 7160,* kilala sa taguring *Local Government Code of 1991*, na ang yunit ng Pamahalaang Lokal ay may tungkulin sa promosyon ng pagtatatag at pagkilos ng samahan ng mamamayan, partikular ang *People's Organization (PO's) at Non-Government Organization* (NGO's), upang maging aktibong kabalikat ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng bayan o' partikular ang yunit ng pamahalaang lokal;

SAPAGKAT, batay sa *Article 64 "Implementing Rules and Regulations Republic Act 7160"* ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihan na magsagawa ng pagkilala sa mga "NGO" na umiiral sa nasasakupan ng isang Pamahalaang Lokal;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ay nagbibigay ng pagkilala sa mga kahalintulad nito na umiiral sa Lungsod na nakatuon sa paglilingkod sa mga mamamayan at sa gawaing pagpapaunlad ng bayan;

SAPAGKAT, ang mga NGO ay binibigyan ng ganitong pagkakataon na makaganap o' makilahok batay sa pagkilala ng Sangguniang Panlungsod;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI — KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, ang Federation of Tricycle Operators and Drivers Association of Malolos City Bulacan, Inc. (FETODAMBI) ay nakatugon sa mga rekositos na itinadhana ng *Department of Interior and Local Government (DILG), Memorandum Circular No. 2019-72;*

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng Sangguniang Panlungsod ng pagkilala o' akreditasyon sa nasabing NGO ay magbibigay-daan upang mapabilang sa "Accredited NGO" ng lungsod ng Malolos, kaya

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Francisco J. Castro na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang Isang Kapasiyahang Panlungsod na kumikilala o' nagbibigay akreditasyon sa Federation of Tricycle Operators and Drivers Association of Malolos City Bulacan, Inc. (FETODAMBI) na mapabilang sa Accredited Non-Government Organization (NGO) ng Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

***KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*090919